

Panalangin ng Pagtawag sa Espiritu Santo para sa isang Pansimbahang Kapulungan ng Pamamahala o Pagninilay (samakatuwid ay sinodal)

Sa harap Mo, Espiritung Banal
nagkakatipon kami sa'Yong ngalan.

Gabay namin ay Ikaw lamang,

Puso nami'y gawing tahanan;

Ituro ang tatahaking daan

at kung paano ito lalakaran.

Kami'y mahina't makasalanan;

huwag Mong ipahintulot ang kawalang-kaayusan.

Huwag Mo kaming ipahintulot na iligaw ng
kamangmangan

o ng pagkiling ay maimpluwensyahan.

Ang aming pagkakaisa, sa Iyo nawa makita

upang maglakbay nang sama-sama

tungo sa walang hanggang buhay sana

at hindi lumihis sa totoo at tama.

Lahat ng ito'y aming samo sa Iyo

na kumikilos sa bawat oras at dako

Ama at Anak at Espiritu Santo

magpasawalang hanggan. Amen.

